# *Ang Kapangyarihan ng Pagkabuhay ni Jesus*

***"57 At nang hapon na ay dumating ang isang mayamang mula sa Arimatea, na nagngangalang Jose, na ito'y naging alagad din naman ni Jesus; 58 Ang taong ito'y naparoon kay Pilato, at hiningi ang bangkay ni Jesus. Nang magkagayo'y ipinagutos ni Pilato na ibigay yaon. 59 At kinuha ni Jose ang bangkay at binalot niya ng isang malinis na kayong lino, 60 At inilagay sa kaniyang sariling bagong libingan, na kaniyang hinukay sa bato: at iginulong niya ang isang malaking bato sa pintuan ng libingan, at umalis. 61 At nangaroon si Maria Magdalena, at ang isang Maria, at nangakaupo sa tapat ng libingan. 62 Nang kinabukasan nga, na siyang araw pagkatapos ng Paghahanda, ay nangagkatipon kay Pilato ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo, 63 Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon akong muli. 64 Ipagutos mo nga na ingatan ang libingan hanggang sa ikatlong araw, baka sakaling magsiparoon ang kaniyang mga alagad at siya'y nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon sa gitna ng mga patay: at lalong sasama ang huling kamalian. 65 Sinabi sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: magsiparoon kayo, inyong ingatan ayon sa inyong makakaya. 66 Kaya't sila'y nagsiparoon, at iningatan nila ang libingan, tinatakan ang bato, na kasama nila ang bantay." (Mateo 27:57-66 KJV)***

Pagkatapos ng pagkamatay ni Jesus sa krus siya ay inilibing at inihiga sa puntod. Sa dako na inilagay ang katawan ni Jesus ay ligtas at sinisiyasat sa paraan na ito'y hindi kayang maabot. Na tila ang kaaway, ang diablo ay makikiba pa rin maging hadlangan si Jesus mula sa pagbangon mula sa mga patay. Ngunit hanggang sa libingan ay imposibleng hawakan Siya, ***"54 Datapuwa't pagka itong may kasiraan ay mabihisan ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay mabihisan ng walang kamatayan, kung magkakagayon ay mangyayari ang wikang nasusulat, Nilamon ng pagtatagumpay ang kamatayan. 55 Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong pagtatagumpay? Saan naroon, Oh kamatayan, ang iyong tibo? 56 Ang tibo ng kamatayan ay ang kasalanan; at ang kapangyarihan ng kasalanan ay ang kautusan: 57 Datapuwa't salamat sa Dios, na nagbibigay sa atin ng pagtatagumpay sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesucristo." (1 Corinto 15:54-57 KJV)***

Tatlong bagay na nasa harap ng puntod ni Jesus na makahadlang sa pagabot sa Kanya at maaaring mapanlinlang na kumilos upang hadlangan ang pagpapalaganap ng mabuting balita ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. Ang parehong mga bagay na ito ay maaaring sumalungat sa iglesya ngayon at gumana upang hadlangan ang pagpapalaganap ng mabuting balita ng tagumpay ni Jesus sa kamatayan. Ngunit ang pagkabuhay na mag-uli ay may kapangyarihan at kumikilos sa araw na ito upang tulungan tayo, tayong Kanyang simbahan, ang Kanyang mga manggagawa upang labanan ang lahat ng sumusunod na mga hadlang at puwersa:

***1. Ang lumang tradisyon ay kumatawan sa pamamagitan ng bato sa harap: "59 At kinuha ni Jose ang bangkay at binalot niya ng isang malinis na kayong lino, 60 At inilagay sa kaniyang sariling bagong libingan, na kaniyang hinukay sa bato: at iginulong niya ang isang malaking bato sa pintuan ng libingan, at umalis." (Mateo 27:59-60 KJV)*** Sino ang naglagay ng batong ito? Si Jose. Sino siya? Ang evangelio ng Mateo, Marcus, Lucas at Juan ay nagbigay ng mabuting paliwanag tungkol sa kanya kung sino siya talaga.

***A. <u>na ito'y naging alagad din naman ni Jesus</u>: "57 At nang hapon na ay dumating ang isang mayamang mula sa Arimatea, na nagngangalang Jose, na ito'y naging alagad din naman ni Jesus;" (Mateo 27:57 KJV)***

***B. <u>na may marangal na kalagayan</u>: "43 Dumating si Jose na taga Arimatea, isang kasangguni na may marangal na kalagayan, na naghihintay rin naman ng kaharian ng Dios; at pinangahasan niyang pinasok si Pilato, at hiningi ang bangkay ni Jesus." (Marcos 15:43 KJV)***

***C. <u>na isang kasangguni, isang lalaking mabuti at matuwid</u>: "50 At narito ang isang lalaking nagngangalang Jose, na isang kasangguni, isang lalaking mabuti at matuwid:" (Lucas 23:50 KJV)***

***D. <u>palibhasa'y alagad ni Jesus, bagama't lihim dahil sa katakutan sa mga Judio</u>: "38 At pagkatapos ng mga bagay na ito si Jose na taga Arimatea, palibhasa'y alagad ni Jesus, bagama't lihim dahil sa katakutan sa mga Judio, ay namanhik kay Pilato na makuha niya ang bangkay ni Jesus; at ipinahintulot ni Pilato sa kaniya. Naparoon nga siya, at inalis ang kaniyang bangkay. 39 At naparoon naman si Nicodemo, yaong naparoon nang una sa kaniya nang gabi, na may dalang isang pinaghalong mirra at mga aloe, na may mga isang daang libra. 40 Kinuha nga nila ang bangkay ni Jesus, at binalot nila ng mga kayong lino na may mga pabango, ayon sa kaugalian ng mga Judio sa paglilibing." (Juan 19:38-40 KJV)***

Kapag pinagsamasama nating lahat ang apat mapapagpasyahan natin na si Jose n Arimatea ay patuloy pa ring sumusunod sa tradisyo ng mga Judio, siya ay bahagi ng konseho ng mga Judio, siya ay may pananamapalataya kay Jesus at alagad niya ngunit itinago iyon nang lihim upang ang kanyang mga pribilehiyo mula sa panig ng

mga Judio ay hindi maaapektuhan. Siya ay nakaugat pa rin sa tradisyon dahil ipinakita niya ang kanyang interes sa paglilibing ng katawan ni Jesus ayon sa mga kaugalian ng mga Judio kaysa sa kanyang interes na sundin ang Salita ng Dios.

Ang kababaihang nagpunta sa puntod ay natatanungan sa isa't isa kung sino ang mag aalis ng bato na iniligay ni Jose na Arimatea sa pintuan, ***"1 At nang makaraan ang sabbath, si Maria Magdalena, at si Mariang ina ni Santiago, at si Salome, ay nagsibili ng mga pabango, upang sila'y magsiparoon at siya'y pahiran. 2 At pagkaumagang-umaga nang unang araw ng sanglinggo, ay nagsiparoon sila sa libingan nang sikat na ang araw. 3 At kanilang pinaguusapan, Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan?" (Marcos 16:1-3 KJV)*** Ito ay talagang isang katanungan, ***"Sino kaya ang ating mapagpapagulong ng bato mula sa pintuan ng libingan?"*** Ang parehong balakid at parehong tanong na hinaharap ng simbahan ngayon. * Mayroong maraming mga Cristiano ngayon ang nabubuhay sa dating tradisyon, sila'y naniniwala kay Cristo at inihahayag nila na sila ay mga alagad Niya ngunit kumakapit pa rin sila sa mga lumang tradisyon at kaugalian na sumasalungat at hindi sumasang-ayon sa Salita ng Dios. *Sila'y katulad ng Arimatea na si Joseng sa kanilang sarili sila mismo ang naglalagay ng mga hadlang ngunit hindi nila alam iyon, Ang kanilang mga turo at paraan ng pamumuhay ay nakaugat sa maraming kaugalian at tradisyon na pumipigil sa iba na maabot si Cristo at makilala Siya sa tamang paraan.
Ngunit narito ang mabuting balita, ***"4 At pagkatingin, ay nakita nilang naigulong na ang bato: sapagka't yao'y totoong malaki." (Marcus 16:4 KJV)*** Ang bato na iniisip ng mga kababaihan, ay naalis sa sumusunod na paraan: ***"2 At narito, lumindol ng malakas; sapagka't bumaba mula sa langit ang isang anghel ng Panginoon, at naparoon at iginulong ang bato, at nakaupo sa ibabaw nito." (Mateo 28:2 KJV)***

Sa gayunding paraan, haharapin ng Dios ang anumang mga hadlang na nagmumula sa mga tradisyonal na simbahan at mga Cristiano na hindi maayos sa kanilang mga paraan ng pamumuhay. Hindi mo kailangang mag-alala dahil ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Cristo ay may kakayahang alisin ang anumang mga hadlang at magbibigay-kakayahan sa atin bilang simbahan na patuloy na magpatotoo tungkol sa pagkabuhay na mag-uli ni Cristo at sumulong sa patnubay at kapangyarihan ng Dios, ang Banal na Espiritun na patuloy na ipangaral ang evangelio at gumawa ng mga bagong alagad para kay Jesus.

***2. Ang mga manipulatibong tiwaling pinuno ng simbahan na kinakatawan ng selyo, at ang pag-uusig na kinakatawan ng mga guwardiya: "62 Nang kinabukasan nga, na siyang araw pagkatapos ng Paghahanda, ay nangagkatipon kay Pilato ang mga pangulong saserdote at ang mga Fariseo, 63 Na nagsisipagsabi, Ginoo, naaalaala namin na sinabi ng magdarayang yaon nang nabubuhay pa, Pagkaraan ng tatlong araw ay magbabangon akong muli. 64 Ipagutos mo nga na ingatan ang libingan hanggang sa ikatlong araw, baka sakaling magsiparoon ang kaniyang mga alagad at siya'y nakawin, at sabihin sa bayan, Siya'y nagbangon sa gitna ng mga patay: at lalong sasama ang huling kamalian. 65 Sinabi sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: magsiparoon kayo, inyong ingatan ayon sa inyong makakaya. 66 Kaya't sila'y nagsiparoon, at iningatan nila ang libingan, tinatakan ang bato, na kasama nila ang bantay." (Mateo 27:62-66 KJV)***

Nais ng mga punong saserdote at ng mga Fariseo na alisin ang anumang posibilidad ng muling pagkabuhay ni Cristo mula sa mga patay. Inakala nila na ang Kanyang mga alagad ay pupunta at kukunin Siya mula sa libingan at sasabihing Siya ay bumangon mula sa mga patay. Kaya't nagsiparoon sila kay Pilato at hiniling sa kaniya na ipag-utos na tiyakin ang libingan. Nalalaman ni Pilato ang mga Fariseo at ang mga punong saserdote kung paanong sila'y mapanlinlang at may malaking paninibugho kay Jesus; kaya't sinabi niya sa kanila, ***"65 Sinabi sa kanila ni Pilato, Mayroon kayong bantay: magsiparoon kayo, inyong ingatan ayon sa inyong makakaya." (Mateo 27:65 KJV)***

Hindi lamang iyon kundi nang nabuhay si Cristo noong ikatlong araw at iniulat iyon ng mga bantay, nais pa ring labanan iyon ng mga punong saserdote at ng mga Fariseo at hadlangan ang mabuting balita ng tagumpay ni Jesus laban sa kamatayan. Basahin natin kung ano ang kanilang ginawa: ***"11 Samantala ngang sila'y nagsisiparoon, narito, ang ilan sa mga bantay ay nagsiparoon sa bayan, at ibinalita sa mga pangulong saserdote ang lahat ng mga bagay na nangyari. 12 At nang sila'y mangakipagkatipon na sa matatanda, at makapagsanggunian na, ay nangagbigay sila ng maraming salapi sa mga kawal, 13 Na nangagsasabi, Sabihin ninyo, Nagsiparito nang gabi ang kaniyang mga alagad, at siya'y kanilang ninakaw samantalang kami'y nangatutulog. 14 At kung ito'y dumating sa tainga ng gobernador, ay siya'y aming hihikayatin, at kayo'y aming ilalagay sa panatag. 15 Kaya't kinuha nila ang salapi, at kanilang ginawa alinsunod sa pagkaturo sa kanila: at ang pananalitang ito ay kumalat sa gitna ng mga Judio, at nananatili hanggang sa mga araw na ito." (Mateo 28:11-15 KJV)*** Ang mga punong sesardote at Fariseo ay mga sumusunod na masamang pag-uugali:

***A. Paratang laban kay Jesus at sa kanyang mga alagad:*** Pinagbintangan nila si Jesus bilang isang mandaraya at pinaratangan ang Kanyang mga alagad na sila'y dumating at ninakaw ang katawan ni Jesus upang gumawa ng maling pagpapahayag tungkol sa Kanyang pagkabuhay.

***B. Pandaraya:*** Sa anyo ng pagpaggamit ng pera upang suhulan ang mga bantay upang baguhin ang kanilang saksi at patotoo.

***C. Sila'y mga sinungaling:*** Inilagay nila ang mga salita sa bibig ng mga bantay at inutusan silang magsinungaling.

Sa ngayon sa loob ng simbahan maraming mga pinuno na kumuha ng posisyon at kapangyarihan sa loob ng simbahan ngunit sila'y mga tiwalang tao. Alam nila ang Salita ng Dios nang mabuti ngunit hindi nila ipinapamuhay ang katotohanan dahil kailangan nilang isuko ang kanilang mga posisyon at ilang mga pribelihiyo na masaya sila na mayroon. Ito ay isang napaka-nakakapanghina ng loob na katotohanan ngayon tungkol sa simbahan na ang mga namumuno ay tiwali, at nag-aakusa ng masama sa tunay na mga manggagawa na hindi handang bigyang-kasiyahan sila. Ang mga masasamang pinuno na ito ay ginagamit nila ang kanilang posisyon, kasinungalingan at pera upang baluktutin ang katotohanan.

Sa kabila ng lahat ng iyon tinawag pa rin tayo upang ipangaral ang evangelio sa gayong kapaligiran. Kahit na nariyan ang mga sinungaling at bulaang mga guro at mga manipulatibong pastor na alam ang katotohanan ngunit pinapanatili nila ang kanilang kamay sa katiwalian upang patuloy na matanggap ang kanilang mga pribilehiyo, nais pa rin ng Dios na maging tapat at matapat tayo sa Kanya at sa mga tao at mamuhay nang tapat sa pamumuhay at pagpapahayag ng mensahe. Ang kapangyarihan ng muling pagkabuhay ni Cristo ay magbibigay-daan sa atin na labanan ang lahat ng masasamang puwersa na ito sa loob ng simabahan at matatanggap natin ang tagumpay at magagawa nating ipangaral ang mensahe at maabot ang mga bagong tao at gumawa ng mga bagong disipulo.

Ang naunang simbahang mananampalataya (halimbawa si Maria Magdalina, na pinalayas Niya ang pitong demonyo) ay mas mababa sa posisyon, reputasyon at kayamanan sa paghahambaing sa mga pinunong saserdote at Fariseo, ngunit ang Dios ay sumasa kanila gaya ng Siya ay sumasa atin at ang kapangyarihan ng gawa ng pagkabuhay ni Jesus para sa kanilang ngalan gaya ngayon ay kumikillos at tinutulungan tayo upang labanan ang lahat ng kasinungaling, pagmamanipula at kasamaan, at ang mensahe ay ipahayag! Kaya kailangan nating magpatuloy na ipangaral ang katotohanan sa gayo'y mensahe ng evamgelio ay nariyan sa mga handang sumunod.

Bukod dito, ang nabuhay na mag-uling Cristo ay nakipaglaban sa mga gawa ng mga Fariseo at hinikayat ang Kanyang mga alagad at hinikayat silang sumulong at ipalaganap ang mensahe, ***"19 Nang kinahapunan nga, nang araw na yaon, na unang araw ng sanglinggo, at nang nangapipinid ang mga pintong kinaroroonan ng mga alagad, dahil sa katakutan sa mga Judio ay dumating si Jesus at tumayo sa gitna, at sa kanila'y sinabi, Kapayapaan ang sumainyo. 20 At nang masabi niya ito, ay kaniyang ipinakita sa kanila ang kaniyang mga kamay at ang kaniyang tagiliran. Ang mga alagad nga'y nangagalak, nang makita nila ang Panginoon." (Juan 20:19-21 KJV)*** Ang parehong Panginoon ay gagawin ang pareho para sa atin ngayon at patuloy na magbigay inspirasyon sa atin na abutin ang bagong mga lugar ng evangelio.

Ang nabuhay na si Cristo ay nagpakita pa at inutusan ang iba na patuloy na gawin ang gawain, ***"3 Sapagka't ibinigay ko sa inyo una sa lahat, ang akin namang tinanggap: na si Cristo ay namatay dahil sa ating mga kasalanan, ayon sa mga kasulatan, 4 At siya'y inilibing; at siya'y muling binuhay nang ikatlong araw ayon sa mga kasulatan; 5 At siya'y napakita kay Cefas, at saka sa labingdalawa; 6 Pagkatapos ay napakita sa mahigit na limang daang kapatid na paminsan, na ang karamihan sa mga ito'y nangabubuhay hanggang ngayon, datapuwa't ang mga iba'y nangatulog na; 7 Saka napakita kay Santiago; at saka sa lahat ng mga apostol; 8At sa kahulihulihan, tulad sa isang ipinanganak sa di kapanahunan, ay napakita naman siya sa akin." (1 Corinto 15:3-8 KJV)*** Ang Salita ng Dios na ito ay dapat humikayat sa atin na ang parehong Panginoon ay patuloy na ihayag ang Kanyang sarili sa iba, na magbabago sa kanilang buhay at utusan sila na paglingkuran Siya kasama natin.

Ang ibang balakid na hinarap ng naunang mga alagad at hinaharap natin ngayon ay ang paguusig at kinakatawan ito ng mga bantay. Si Pilato ang pinagmulan ng mga bantay sa libingan ni Jesus. Ngunit hindi ito gagawin ni Pilato maliban kung ang mga punong saserdote at ang mga Fariseo ang nag-anyaya sa kanya na gawin iyon. Gayundin, ang pag-uusig ay magmumula sa mga di-mananampalataya, ngunit ang mga tiwali at manipulatibong pinuno ay may kaugnayan doon. Sila ang nagutos kay Pilato na ipako sa krus ang Panginoon dahil ang kanilang mga interes ay naapektuhan ng mabuting turo ni Jesus. Ang mga di-mananampalataya ay hindi malalaman ang mga detalye ng katawan ni Cristo maliban kung ang mga tao mula sa loob na naiinggit at galit sa katotohanan ay mag-uulat sa kanila at mag-aanyaya sa kanila na masaktan. Gagamitin ng mga tiwaling pinuno ng simbahan ang mga di-mananampalataya at ang pamahalaan ng mga bansa upang saktan at pigilan ang mga tunay na tagasunod at mga alagad ni Cristo na nalulugod at namumuhay sa katotohanan, ***"12 Oo, at lahat na ibig mabuhay na may kabanalan kay Cristo Jesus ay mangagbabata ng paguusig." (2 Timoteo 3:12 KJV)***

Ang naunang simbahan ay inusig ni Pilato at ni Herod na pinangunahan ng mga Judio, ngunit ang kapangyarihan ng pagkabuhay ni Cristo ay nanaig sa mga puwersang ito. Si Pablo sa kanyang sulat sa mga taga Filipos binanggit niya sa kanila ang sumusunod: ***"22 Binabati kayo ng lahat ng mga banal, lalong lalo na ng mga kasangbahay ni Cesar." (Filipos 4:22 KJV)*** Ang mga hukbong Romano na nagpako sa Panginoon, ngayon ang kanilang kababayan ay naging mga banal at tapat na mga alagad ni Jesus.

Sinabi ni Pablo at hinangad ang sumusunod tulad ng mababasa natin sa ***Filipos 3:10, "Upang makilala ko siya, at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli, at ang pakikisama ng kaniyang mga kahirapan, na ako'y natutulad sa kaniyang pagkamatay;"*** Si Pablo ay masaya at nais ang mga sumusunod:

- ***A. Upang makilala ko siya:*** Nais ni Pablo na makilala pa ang tungkol sa pag-aaring ganap at pagbabanal ni Cristo. Atin ring hangarin ang katulad.
- ***B. at ang kapangyarihan ng kaniyang pagkabuhay na maguli:*** Sa ating inilarawan sa mensaheng ito at ang epekto ng pagkabuhay ni Cristo at magagawa sa atin. Hangarin natin tulad ng nais ni Pablo na malaman at maranasan ang higit pa sa kapangyarihang iyon.
- ***C. at ang pakikisama ng kaniyang mga kahirapan:*** Mararanasan pa rin natin ang kapangyarihan ng pagkabuhay ni Cristo habang handang tayong magpakumbaba at makibahagi sa Kanyang pagdurusa.
- ***D. na ako'y natutulad sa kaniyang pagkamatay:*** kailangan nating maging katulad ni Cristo, upang tularan Siya sa buong pagpapasakop sa kalooban ng Dios, papapatawad sa mga nakasakit sa atin, at pagsuko sa Kanyang plano at layunin.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Ang paraan ng pagtingin mo sa mga bagay at pag-unawa sa mga pangyayari sa liwanag ng Kanyang Salita ay maaaring magselyo at magdala ng malaking tagumpay sa iyong buhay. Ang Dios ay sumasa Kanyang simbahan, sa Kanyang mga disipulo at kasama natin upang labanan ang anumang lumang tradisyon na nagmumula sa mga tradisyonal na simbahan at tradisyunal na mga Cristiano, at anumang katiwalian at pag-uusig na maaaring harapin natin mula sa mga mapagkunwari na nakakaalam ng katotohanan ngunit nalulugod sa kamunduhan at kasamaan upang ituloy ang kanilang masasamang motibo at maling layunin sa paglilingkod sa Dios.

* Dapat nating malaman na ang kapangyarihan ni Jesus sa pagkabuhay na mag-uli ay totoo at kayang pagtagumpayan ang anumang mga hadlang na maaaring dumating sa ating harapan na mapanlinlang na kumikilos upang hadlangan ang pagpapalaganap ng mabuting balita ng Kanyang pagkabuhay na mag-uli. * Magpalakas tayo ng loob ng mensahe upang makasulong tayo sa pagtapak sa kapangyarihan ng kadiliman at pagtagumpayan sa tulong ni Cristo ang lahat ng mga balakid na maaaring ilagay sa atin ng kaaway.

Manalangin tayo ... .

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa Krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong nakapagpapalakas na salita sa akin. Panginoon, salamat sa lahat ng mga himala na ginawa Mo upang maalis ang marami at iba't ibang mga balakid na humadlang sa aking paglalakad kasama Mo at salamat sa lahat ng proteksyon na natanggap ko mula sa Iyo. Panginoon, salamat sa lahat ng pagtuturo, pagsaway, pagwawasto at payo na natanggap namin sa mensaheng ito.*

*Lumapit ngayon sa Dios at ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga tradisyonal na gawain na sumasalungat sa Banal na Kasulatan. Ipagtapat at talikuran ang iyong kawalan ng pananampalataya at lubos na pagtitiwala sa Dios. Ipagtapat at talikuran ang iyong mga kasinungalingan, pandaraya, katiwalian at pagpapaimbabaw. Ipagtapat at talikuran ang inyong makamundong pagkatao, ang inyong kasakiman, at ang inyong pagmamahal sa pera at materyal na mga bagay. Ipagtapat at talikuran ang iyong galit, poot, paghihiganti, hindi pagpapatawad, sama ng loob at kapaitan. Ipagtapat at talikuran ang iyong inggit at paninibugho. Ipagtapat at talikuran ang iyong pagnanasa at ang iyong mga seksuwal na imoralidad. Ipahayag at talikuran ang iyong pakikisama sa mga di-mananampalataya, at sa pagkaalipin sa Media, Balita at mga laro. Ipagtapat at talikuran ang iyong hindi kahandaang magdusa para kay Cristo at pinag-uusig. Panginoon, patawarin mo ako, pinagsisisihan ko ang mga sumusunod na kasalanan*
______________________________

*Panginoon, inilagay ko sa Iyong kamay ang mga sumusunod na hadlang ______________________. Panginoon, nagtitiwala ako sa Iyo na kaya Mong harapin ang mga ito at anumang balakid na maaari Mong alisin ang mga ito sa aking landas upang patuloy kong maipangaral ang evangelio at maipahayag ang Iyong kalooban at plano sa iba. Panginoon, patuloy Mo akong hikayatin at bigyan Mo ako ng kagalakan, mabuting kalusugan at lakas upang patuloy akong makapaglingkod sa Iyo at mamuhay ayon sa Iyong kalooban.*

*Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na tumugon sa mensahe at nagbuwis ng kanilang buhay para sa Iyo upang mapaglingkuran ka. Panginoon, patuloy na gabayan sila upang maglingkod sa Iyo, alisin ang mga hadlang mula sa kanilang harapan at protektahan sila mula sa pag-uusig, ibigay ang kanilang mga pangangailangan, puspusin sila ng Banal na Espiritu at gawing mabunga sila upang magdala ng mas maraming kaluluwa sa Iyo.*

*Panginoon pagpalain kami at tulungan kami bilang mga manggagawa at Simbahan ng Dios upang patotohanan tungkol sa iyong kabutihan sa iba. Panginoon, patuloy na hikayatin kami at maglaan at ibigay para sa atin at bigyan kami ng kagalakan at ng kalakasaan upang patuloy naming ipalagaanap ang mabuting balita ng pagkamatay at pagkabuhay ni Cristo at mamuhay sa pagsunod sa iyong Salita na matatanggap natin sa mensaheng ito. Panginoon protektahan kami at gabayan kami sa pagharap sa mga suliraning dulot ng mga Cristianong kinaugalian at ang mga tiwaling pinuno ng simbahan. Panginoon, hinihiling namin na puspusin mo ako kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na kailangan namin upang magpatuloy at magevangelio at gumawa ng bagong mga alagad at sanayin ang bagong mga manggagawa upang yumoan at magtanim ng higit pang pagaaral ng Bibliya at mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon tuparin ang pananaw ng simbahan, 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios'. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay, at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banall na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380315157600375316 2014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com